# Mga Pandama ni Anda



Kuwento ni:
Cherry Ann C. Bansil

Guhit ni:
Kevin B. Banal



*Pamantayan sa Pagkatuto*

- *Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis diin, tono antala at ekspresyon. F1KP-Iie-4*
- *Nabibilang ang mga pantig ng salita F1KP-Iie-4*
- *Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita F1KP-IIf-5*
- *Nauunawaan ang kahalagahan ng mga nilalaman ng  napakinggang teksto. F1PL-Oa-j-5*
- *Naipapakita ang hilig sa pagbasa. F1PL-Oa-j-6*
- *Nababaybay ng wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig na natutuhan sa aralin. F1PY-IIe-i-2.1: f 2.2*



DEVELOPMENT TEAM


Kuwento ni: **Cherry Ann C. Bansil**

Guhit at Lapat ni: **Kevin B. Banal**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

PAMPANGA


Mga Pandama ni Anda




Sa isang maliit na dampa ay may nakatirang bata. Ang ngalan niya ay Anda na laging nakatunganga. Si Anda ay walang hilig maglinis ng katawan, maging paghawak ng tubig sa kanya ay pahirapan.





Si Anda ay tamad mangalaga ng sarili, kaya kanyang pandama sa katawan ay ‘di niya mawari. Nagpapaligsahan sa paghikayat upang sila’y mapansin at malinis muli.





“Sa lahat ng pandama, ako ang pinakamahalaga. Ako ang nagpapakita sa iyo sa mundo na puno ng ganda. Kaya ikaw Anda ay gumising na! Pahiran ang aking muta at pabayaan ang ibang pandama,” ani Atang mata.



Nagyabang naman itong si Along ilong.

"Sa lahat ng pandama ako ang pinakamahalaga. Ako ang dahilan upang ikaw ay makaamoy at makahinga. Kaya ikaw Anda ay gumising na! Uhog ko ay pahirin at linisin sa tuwina!"



At ‘di nagpatalo si Tengteng tenga.

“Sa lahat ng pandama ako ang pinakamahalaga. Ako ang dahilan upang iyong marinig magagandang tunog dito sa daigdig. Kaya ikaw Anda ay gumising na! Tutuli ko ay alisin mo na!”



“Huwag kang palilinlang, huwag kang makikinig sapagkat sa iyong pagkain ako’y nagbibigay panlasa’t pansin. Kaya ikaw Anda ay gumising na! Ako ay iyong linisin,” wika ni Lilang dila na nagpapapansin.



Hindi naman nagpahuli si Belat balat.

"Kung ako'y wala, sa katawan mo ay walang poprotekta, di ka makakaramdam ng haplos, sakit at ginhawa. Kaya ikaw Anda, gumising na! Ako ay hiludin, bimpo ay gamitin na!"





Nag-unat lamang itong si Anda sa mga pagpapaliwanag ng mga pandama. Kanilang paghihikayat ay binalewala. Tunay na nalungkot at nawalan ng pag-asa.



Dito nakaisip na magkaisa kanyang pandama, upang maturuan ang tamad na si Anda.





Mga pandama'y humiling kay haring Awan katawan, upang pansamantalang itigil pagsupil sa mikrobyo at paglaban.

Kaya sinipon si Anda, nawalan ng pang-amoy, panlasa at sumakit ang tainga. Kumati ang balat at namula ang mga mata.



Dahil sa kapabayaan sa paglilinis ng sarili si Anda ay nagkasakit. Namulat at nakaisip na sa katawan ay magkaroon ng malasakit.

“Masakit ang aking pakiramdam,” may takot at pagsisising sambit ni Anda habang tinitiis ang sakit.





Mula noon ay nagbago si Anda. Natuto na siyang magpahalaga sa paglilinis ng kanyang katawan at pahalagahan ang kanyang mga pandama.

Natutuhan din ng mga pandama na ang bawat isa ay may natatanging gamit at halaga.






## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**CHERRY ANN C. BANSIL**: Kasalukuyang nagtuturo sa
Sto. Domingo Elementary School
Sto. Domingo, Minalin, Pampanga
bilang Teacher III.

**KEVIN B. BANAL:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Bancal East Elementary School,
Bancal, Guagua, Pampanga
bilang Teacher I.



Sa isang maliit na dampa may isang batang naninirahan na nagngangalang Anda na ubod ng tamad maglinis ng kanyang katawan. Kaya naman nag-away away at kinukumbinsi ng mga pandama na sina Atang mata, Along ilong, Tengteng tenga, Lilang dila at Belat balat si Anda na alagaan sila. Ngunit sila ay binalewala. Magbabago pa kaya si Anda at magkakasundo ang mga pandama? Ating tunghayan, tuklasin at ating basahin ang kuwento na pinamagatang “Mga Pandama ni Anda”.

